| **Kagawaran ng Hustisya ng California**<br>**DIBISYON NG TAGAPAGPATUPAD NG BATAS**<br>**John D. Marsh, Hepe** | **BULLETIN NG IMPORMASYON** | |
|---|---|---|
| *Paksa:*<br>**Alerto Tungkol sa mga Banta Laban sa Komunidad ng mga Hudyo at Pagiging Available ng mga Mapagkukunan ng Kagawaran ng Hustisya upang Labanan ang mga Krimen sa Poot** | *No.*<br>2023-DLE-07<br>*Petsa:*<br>10/13/2023 | *Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan:*<br>Michael Newman<br>Senior Assistant Attorney General<br>Seksyon ng Pagpapatupad ng mga Karapatang Sibil<br>(213) 269-6280 |

**PARA SA: LAHAT NG LOKAL NA AHENSYA NA TAGAPAGPATUPAD NG BATAS NG CALIFORNIA**

Inihahatid ng Kagawaran ng Hustisya ng California, na binigyang impormasyon ng pampublikong pag-uulat at iba pang impormasyon, ang bulletin ng impormasyon na ito upang bigyan ng babala ang lokal na tagapagpatupad ng batas sa buong California tungkol sa posibleng karahasan laban sa mga lugar ng pagsamba ng mga Hudyo, sentro ng komunidad, museo, monumento, negosyo at iba pang lugar ng pagtitipon. Dapat tiyakin ng lokal na tagapagpatupad ng batas na handa itong tugunan ang anumang karahasan upang malabanan ang dumaraming pagbabanta sa Komunidad ng mga Hudyo sa California at sa buong bansa at mundo.

Pinapaalalahanan din ng Kagawaran ng Hustisya ang lokal na tagapagpatupad ng batas na nakahanda itong ibigay ang mga mapagkukunan ng Kagawaran ng Hustisya alinsunod sa ating Protokol ng Mabilis na Pagtugon sa Krimen sa Poot. Sa ilalim ng Protokol na ito, maaaring palakasin ng Kagawaran ng Hustisya ang mga mapagkukunan ng lokal na tagapagpatupad ng batas sa pagtugon sa isang kaganapan na dahilan ng gulo sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga ahensyang iyon ng access sa buong mapagkukunan ng Kagawaran ng Hustisya, kabilang ang pagpapatupad ng batas, forensics, legal, at suporta sa pakikipag-ugnayan sa komunidad. Kasama sa isang kaganapan na dahilan ng gulo ang alinman sa mga sumusunod na insidente:

1. Mga krimen sa poot na nagreresulta sa kamatayan, lalo na sa mga hurisdiksyon na may mas kaunting magagamit na mapagkukunan upang tugunan ang pagsisiyasat at pag-uusig ng isang homicide o krimen sa poot;
2. mga panunugnog na nagreresulta sa malaking pinsala;
3. paggamit ng mga pampasabog; at/o
4. isang insidente na marami ang nasawi.

Hindi pinapalitan ng Protokol na ito ang nagpapatuloy at aktibong pakikipagsosyo ng Kagawaran sa mga lokal at pederal na awtoridad na tagapagpatupad ng batas kaugnay na imbestigasyon at pag-uusig ng mga krimen, ito man ay mga krimen sa poot o iba pang anyo ng krimen o serbisyo ng biktima. Bukod pa rito, nananatiling handa at available ang Kagawaran ng Hustisya na tumulong sa mga pangyayari na hindi maituturing na "kaganapan na dahilan ng gulo."

Para sa mga tanong tungkol sa Bulletin ng Impormasyon na ito, makipag-ugnayan kay Senior Assistant Attorney General Michael Newman sa Seksyon ng Pagpapatupad ng mga Karapatang Sibil ng Kagawaran sa (213) 269-6280.